# Mga Numero ng Social Security para sa mga Hindi Mamamayan

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Kailangan ba ng hindi mamamayan ang numero ng Social Security (SSN)? | 1 |
| Paano ako makakakuha ng SSN at card? | 2 |
| Ano ang kailangan kong isumite sa tanggapan ng Social Security? | 2 |
| Kailan ako dapat mag-apply? | 3 |
| Magkano ang gastos ng pag-apply sa SSN at card? | 3 |
| Paano kung kailangan ko ng SSN para sa ibang kadahilanan maliban sa trabaho? | 3 |
| Kailangan mo ba ng numero para sa mga layunin sa buwis? | 4 |
| Pakikipag-ugnayan sa Amin | 4 |


## Kailangan ba ng hindi mamamayan ang numero ng Social Security (SSN)?

Maliban kung isa kang hindi mamamayan na gustong magtrabaho sa Estados Unidos, malamang na hindi mo kailangan ang SSN.

Sa pangkalahatan, ang mga hindi mamamayan lamang na pinahintulutang magtrabaho sa Estados Unidos ng Department of Homeland Security (Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Bayan) (DHS) ang makakakuha ng isang SSN. Ginagamit ang mga SSN para iulat ang sahod ng isang tao sa gobyerno at upang tukuyin ang pagiging karapat-dapat ng taong iyon para sa mga benepisyo ng Social Security. Kailangan mo ng isang SSN para magtrabaho, mangolekta ng mga benepisyo ng Social Security, at tumanggap ng iba pang mga serbisyo ng gobyerno.

Maaaring makakuha ng maraming benepisyo at serbisyo ang mga hindi mamamayang tinanggap ayon sa batas nang walang SSN. Hindi mo kailangan ng SSN para makakuha ng lisensya sa pagmamaneho, magparehistro para sa paaralan, kumuha ng pribadong insurance sa kalusugan, o mag-apply para sa mga programang pananghalian sa paaralan o naka-subsidize na pabahay.

Ginagamit ng ilang mga organisasyon ang mga SSN para makilala ka sa kanilang mga rekord. Gayunpaman, kikilalanin ka ng karamihan sa ibang paraan kapag hilingin mo ito.

Hindi kami maaaring magtalaga ng SSN para lamang makakuha ka ng lisensya sa pagmamaneho o ma-access ang serbisyo na nangangailangan ng pagsusuri sa kredito.

Bagama't maraming kumpanya, gaya ng mga bangko at kumpanya ng kredito, ang maaaring humingi ng iyong SSN, karaniwang hindi mo kailangang magbigay kung wala ka nito.

## Paano ako makakakuha ng SSN at card?

Kung isa kang imigrante, makakapag-apply ka sa dalawang paraan:

- Maaari kang mag-apply sa iyong sariling bansa bago pumunta sa Estados Unidos kapag nag-file ng aplikasyon para sa isang visa ng imigrante sa U.S. Department of State (Kagawaran ng Estado ng U. S.). Sa karamihang kaso, kapag mag-apply ka para sa SSN at card kasama ng iyong aplikasyon sa visa ng imigrante, hindi mo kailangang bumisita sa isang tanggapan ng Social Security sa Estados Unidos. (Para sa karagdagang impormasyon, tignan ang ***www.ssa.gov/ssnvisa***, available lang sa wikang Ingles).
- Kung legal kang nasa Estados Unidos, dapat kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security. Tignan ang seksyon sa ibaba para sa kailangan mong isumite sa tangapan ng Social Security.

Kung hindi ka imigrante, may dalawang paraan na maaari kang mag-apply, depende sa istado ng visa mo:

- Kung legal kang nasa Estados Unidos at nag-a-apply ng pahintulot sa trabaho o permanenteng istado ng paninirahan mula sa DHS, U.S. Citizenship and Immigration Services (Mga Serbisyo ng Pagkamamamayan at Imigrasyon ng U. S.) (USCIS), makakapag-apply ka para sa iyong SSN o kapalit na card. Maaari itong gawin sa parehong USCIS application Form I-765 (*Application for Employment Authorization*) (Aplikasyon ng para sa Pagpapahintulot sa Pagtatrabaho), o sa pamaagitan ng Form I-485 (*Application for Lawful Permanent Residency or to Adjust Status*) (Aplikasyon para sa Legal na Permanenteng Paninirahan o para Ayusin ang Istado). (Para sa karagdagang impormasyon, tignan ang ***www.ssa.gov/ssnvisa/ebe.html***, available lang sa wikang Ingles).
- Kung legal na nasa Estados Unidos at pinapayagan ka ng iyong istado ng visa na magtrabaho, dapat kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security para mag-apply.

## Ano ang kailangan kong isumite sa tanggapan ng Social Security?

**Kailangan mong patunayan ang iyong pagkakakilanlan at istado sa imigrasyon na may pahintulot sa trabaho.**

Para patunayan ang iyong pagkakakilanlan at istado sa imigrasyon na may pahintulot sa pagtatrabaho, ipakita sa amin ang iyong kasalukuyang mga dokumento sa imigrasyon sa U.S. at ang iyong hindi pa nag-expire na pasaporte ng dayuhan. Kasama sa mga tinatanggap na dokumento ng imigrasyon ang iyong:

- Form I-551 (*Lawful Permanent Resident Card, Machine-Readable Immigrant Visa*) (Card ng Legal na Permanenteng Paninirahan, Visa ng Imigrante na Nababasa ng Makina).
- Form I-94 (*Arrival/Departure Record*) (Rekord ng Pagdating/Pag-alis).
- Form I-766 (*Employment Authorization Document/EAD*) (Dokumento ng Pahintulot sa Pagtatrabaho).
- Admission stamp na nagpapakita ng klase ng pagtanggap na nagpapahintulot sa pagtatrabaho.

**Mga Exchange Visitor:** Kung ikaw ay J-1 o J-2 na palitang bisita, kailangan din naming makita ang iyong DS-2019, *Certificate of Eligibility for Exchange Visitor Status* (Sertipiko ng Kuwalipikasyon para sa Status na Exchange Visitor) o *EAD*. Kung ikaw ay isang J-1 na estudyante, intern na estudyante, o internasyonal na bisita, dapat kang magbigay ng sulat mula sa iyong isponsor. Dapat nasa letterhead ng isponsor ang sulat na may orihinal na pirma na nagpapahintulot sa iyong pagtatrabaho.

**Mga internasyonal na estudyante:** Kung isa kang F-1 o M-1 na estudyante, kailangan naming makita ang iyong Form I-20, *Certificate of Eligibility for Nonimmigrant Student Status or Designated School Official* (Sertipiko ng Kuwalipikasyon Para sa Status na Hindi Imigrante na Estudyante o Itinalagang Opisyal ng Paaralan) (*DSO*) *na sulat*. Para sa impormasyon ukol sa iba pang mga dokumentong dapat ibigay ng estudyante, basahin ang *International Students and Social Security Numbers* (Publication No. 05-10181) (Mga Internasyonal na Estudyante at Numero ng Social Security Number) (available lang sa wikang Ingles).

### Kailangan mong patunayan ang edad mo.

Dapat mong ipakita ang iyong sertipiko ng kapanganakan sa ibang bansa kung mayroon ka nito o makukuha ito sa loob ng 10 araw ng negosyo. Kung hindi, maisaalang-alang namin ang iba pang mga dokumento, tulad ng iyong hindi pa na-expire na pasaporte o dokumentong inisyu ng DHS, bilang katibayan ng iyong edad.

### Kailangan mong kumpletuhin ang isang aplikasyon.

Kailangan mong kumpletuhin ang isang *Application for a Social Security Card* (Form SS-5) (Aplikasyon para sa Isang Social Security Card) (available lang sa wikang Ingles).

**Mahalaga:** Dapat na orihinal o mga kopya na na-certify ng ahensyang nagbigay ang lahat ng mga dokumento. Hindi namin matatanggap ang mga photocopy o nakanotaryong kopya ng mga dokumento. Hindi rin namin matatanggap ang resibo na nagpapakitang nag-apply ka para sa dokumento.

Maaari naming gamitin ang isang dokumento para sa dalawang layunin. Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong DHS EAD bilang patunay ng iyong pagkakakilanlan at may pahintulot sa trabaho na istado sa imigrasyon. Maaaring magsilbing patunay ng edad ang iyong sertipiko ng kapanganakan o pasaporte. **Gayunpaman, dapat kang magbigay ng hindi bababa sa dalawang magkahiwalay na dokumento**.

## Kailan ako dapat mag-apply?

Kung hindi ka makapag-apply gamit ang isa sa mga form na nabanggit sa itaas, inirerekomenda naming maghintay ka ng 10 araw pagkatapos makarating sa Estados Unidos para mag-apply sa isang SSN. Makakatulong ito na mas madali naming mapatunayan ang iyong mga dokumento ng DHS sa online. Magpapabilis ito sa pagproseso ng iyong aplikasyon sa SSN.

Ipapadala namin sa koreo ang iyong card ng SSN sa sandaling makuha namin ang lahat ng iyong impormasyon at napatunayan na ang iyong mga dokumento sa mga nag-isyu na tanggapan.

## Magkano ang gastos ng pag-apply sa SSN at card?

Libre ang pag-apply sa SSN at card.

## Paano kung kailangan ko ng SSN para sa ibang kadahilanan maliban sa trabaho?

Maaring hindi ka pinahintulutan ng DHS na magtrabaho sa Estados Unidos. Kung gayon, makakakuha ka lamang ng SSN kapag mapatunayan mong kailangan mo ito para sa balidong dahilan maliban sa trabaho.

**Mga benepisyo o serbisyo ng gobyerno:** Kung wala kang permiso para magtrabaho, makakapag-apply ka lamang para sa SSN kapag nalalapat ang isa sa mga sumusunod:

- Hinihiling sa iyo ng pederal na batas na ibigay mo ang iyong SSN para makuha ang isang partikular na benepisyo o serbisyo.
- Hinihiling sa iyo ng estado o lokal na batas na ibigay mo ang iyong SSN para makakuha ng karaniwang tulong na mga benepisyong kuwalipikado ka na.

Hinihiling sa mga aplikante ng SSN na hindi para sa trabaho na magbigay ng patunay ng pagkakakilanlan at mga dokumento sa edad. Nakalista sa ibaba ang mga halimbawa ng mga dokumento:

**Mga patunay ng pagkakakilanlan at edad**

- Form I-94 (*Arrival/Departure Record*) (Rekord ng Pagdating/Pag-alis)
- Form I-862 (Notice to Appear) (Abiso para Magpakita)
- Form I-385 (Alien Booking Record) (Rekord ng Pagpapalista ng Dayuhan)
- Office on Trafficking in Persons (OTIP) liham ng sertipikasyon
- Office of Refugee Resettlement (ORR) liham ng sertipikasyon

**Mga patunay ng pagkakakilanlan lamang**

- Form I-220A (Order of Release on Recognizance)

**TANDAAN:** Hindi natutugunan ng Form I-220A (Order of Release on Recognizance) (Utos sa Pagpapalabas ng Pagkilala) ang mga kinakailangan ng Social Security bilang patunay ng edad.

Kung kailangan mo ng SSN para matugunan ang mga hinihiling ng estado o lokal, **bilang karagdagan sa dokumento ng pagkakakilanlan at edad, dapat kang magsumite ng sulat mula sa ahensya ng gobyerno**. Dapat naka-letterhead stationery ito (hindi form na mga sulat o photocopy) at:

- Partikular na kilalanin ang iyong sarili bilang ang aplikante.
- Partikular na banggitin ang kadahilanang hindi ukol sa trabaho na hinihiling ang SSN.
- Banggitin ang batas na humihiling sa iyong magkaroon ng SSN.
- Ipahiwatig na natutugunan mo ang lahat ng hinihiling ng ahensya, maliban sa pagkakaroon ng SSN.
- Mayroong pangalan ng kontak sa ahensya, lagda, at numero ng telepono.

## Kailangan mo ba ng numero para sa mga layunin sa buwis?

Maaring hindi mo kailangan ang SSN para sa mga layunin sa buwis kung hindi ka pinahihitulutang magtrabaho sa Estados Unidos. Maari kang mag-apply para sa *Individual Taxpayer Identification Number* (Indibidwal na Numero ng Pagkakakilanlan ng Nagbabayad ng Buwis) mula sa Internal Revenue Service (Serbisyo ng Rentas Internas) (IRS). Personal na bumisita sa IRS, o tawagan ang libreng numero ng IRS, **1-800-TAXFORM** (**1-800-829-3676**), at humiling ng Form W-7, *Application for IRS Individual Taxpayer Identification Number* (Aplikasyon para sa Indibidwal na Numero ng Pagkakakilanlan ng Nagbabayad ng Buwis ng IRS).

Maaring hanapan ka ng SSN ng negosyo o ahensya ng gobyerno. Kung hindi ka pinahihintulutang magtrabaho sa Estados Unidos, tanungin kung maari ka nilang kilalanin sa ibang paraan. Sa karamihang kaso, makukuha mo ang serbisyo o lisensyang c mo nang walang SSN.

**Kapag itinalaga sa iyo ang SSN para sa mga layuning hindi ukol sa pagtatrabaho, hindi mo ito maaring gamitin sa pagtatrabaho**.

## Pakikipag-ugnayan sa Amin

May ilang paraan upang makipag-ugnayan sa amin, gaya ng online, sa telepono, at personal. Narito kami para sagutin ang mga tanong mo

at para paglingkuran ka. Sa loob ng mahigit 85 taon, nakatulong ang Social Security na gawing matiwasay ang kasalukuyan at kinabukasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong tao sa kanilang paglalakbay sa buhay.

### Bisitahin ang aming website

Ang pinakamaginhawang paraan para magsagawa ng gawain sa Social Security ay online sa ***www.ssa.gov*** (available sa wikang Ingles at Espanyol). Marami kang magagawa. Available lang sa wikang Ingles ang ilan sa mga serbisyong ito. Para tulungan kang magsagawa ng gawain sa Social Security,

- Mag-apply para sa Extra Help with Medicare prescription drug plan costs (Ekstrang Tulong sa mga gastusin sa plano sa inireresetang gamot ng Medicare) (available lang sa wikang Ingles).
- Mag-apply para sa karamihang uri ng benepisyo (available lang sa wikang Ingles).
- Humanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon (available sa iba't ibang wika).
- Masagot ang mga madalas itanong (available sa wikang Ingles at Espanyol).

Kapag gumawa ka ng isang personal na *my* Social Security account (available lang sa wikang Ingles), mas marami ka pang magagawa.

- Repasuhin ang iyong *Social Security Statement* (Pahayag ng Social Security).
- Beripikahin ang iyong mga kinita.
- Kumuha ng mga pagtaya ng mga benepisyo sa hinaharap.
- Mag-print ng sulat ng beripikasyon ng benepisyo.
- Baguhin ang iyong impormasyon ng direktang deposito.
- Humiling ng kapalit na Medicare card.
- Kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S.
- Humiling ng kapalit na Social Security card, kung wala kang pagbabago at nakikibahagi ang iyong estado.

Maaaring maging limitado ang iyong pag-access sa iyong personal na *my* Social Security account para sa mga gumagamit sa labas ng Estados Unidos.

### Tumawag sa amin

Kung hindi mo magamit ang aming mga online na serbisyo, matutulungan ka namin sa telepono kapag tumawag ka sa iyong lokal na opisina ng Social Security o sa aming Pambansang Numerong toll-free na 800. Nagbibigay kami ng libreng mga serbisyo ng interpreter kapag hiniling. Mahahanap mo ang impormasyon ng iyong lokal na opisina sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong ZIP code sa aming webpage ng tagahanap ng opisina (bagama't ang tagahanap ng lokal na opisina ay available lang sa wikang Ingles, maaari mong ilagay ang iyong zip code para mahanap ang pinakamalapit na lokal na opisina).

Maaari kang tumawag sa amin sa **1-800-772-1213** — o sa aming numero ng TTY, **1-800-325-0778**, kung ikaw ay bingi o mahina ang pandinigmakarinig — sa pagitan ng 8:00 a.m. – 7:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes. **Ang oras ng paghihintay para makausap ang isang kinatawan ng Social Security ay karaniwang mas maikli tuwing Miyerkules hanggang Biyernes o sa bandang hapon**. Para sa aming mga libreng serbisyo ng interpreter, manatili sa linya at manatiling tahimik sa panahon ng aming mga hudyat na English voice automation, hanggang sumagot ang isang kinatawan ng Social Security . Makikipag-ugnayan ang kinatawan ng Social Security sa isang interpreter para tumulong sa iyong tawag.

Nag-aalok din kami ng maraming awtomatikong serbisyo sa telepono sa Ingles at Espanyol, available 24 na oras kada araw, kaya hindi mo kailangang makipag-usap sa isang kinatawan ng Social Security.

Kung mayroon kang mga dokumentong kailangan naming makita, tandaan na dapat orihinal ang mga ito o mga kopya na sertipikado ng ahensya na nag-isyu.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10096-TL
April 2023 (Recycle prior editions)
Mga Numero ng Social Security para sa mga Hindi Mamamayan
Social Security Numbers for Noncitizens (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ginawa at inilathala sa gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S.